# Si Tala sa Mahiwagang Pila ng Jeep

***Sapagkat ang hangganan ng lawak ng imahinasyon ng bata ay higit sa ating kabatiran.***

---

*'Si Tala sa Mahiwagang Pila ng Jeep'* ay isang maikling kuwentong pambata na may layuning makapagbigay ng sulyap sa sikolohiya ng imahinasyon ng mga bata.

Ito ay kuwentong patungkol sa pagkamalikhain ng imahinasyon ng mga bata kalakip ang sensitibong isyu ng pagturo sa mga bata ng pag-iingat mula sa mga estrangherong may masasamang pakay, at pagiging matapang, habang pinakikita pa rin ang likas na pagiging mapagmatyag ng mga tao sa kapwa lalo sa mga bata.

Mahigpit na hawak-hawak ni Tala ang kanyang dilaw na payong habang pababa sila ng kanyang Manang ng hagdan mula Baguio City Public Market patungo sa Igorot Garden. Maghapong umuulan sa siyudad ng Baguio noong araw na iyon—madilim ang mga ulap at makapal ang hamog, kaya naman tila nakararamdam na ng lungkot ang anim na taong gulang na bata.

“Manang, kaya ba umuulan ay dahil malungkot ang langit?” tanong ni Tala sa kanyang Manang.

“Siguro,” sagot ng kanyang Manang, “sa tingin mo, bakit kaya malungkot ang langit?” tuloy na tanong ng kanyang Manang

“Hm,” napaisip si Tala habang patuloy ang kanilang paglakad patungo sa kanilang paradahan ng jeep pauwi sa kanilang tahanan.

“Baka walang kalaro ang langit, Manang. O, walang kausap. Kasi ako nalulungkot din ako kapag mag-isa ako at walang kalaro.”

Dumating na sila sa dulo ng kanilang pila ng jeep papuntang Barangay Liwanag, ngunit kaunti pa lamang ang taong nakapila at wala pa ang jeep na mag-uuwi sa kanila. Kalimitan ay matagal silang naghihintay ng jeep, at dahil maulan pa noong araw na iyon, sigurado silang mas tatagal pa ang hintayan.

“Awan pay lugan, Auntie Ilyo?” *(“Wala pang jeep, Auntie Ilyo?”)* Tanong ni Manang sa sinusundan nilang isang nakatatandang auntie na naggagantsilyo, isa siya sa kanilang kapitbahay sa Barangay Liwanag.

“Awan pay, ading. Ati-atiddug kanu traffic idjay highway ya,” *(“Wala pa, ading. Mahaba raw ang traffic sa highway,”)* sagot ni Auntie Ilyo habang napangiting sumulyap kay Tala. “Nabayag pay daytoy pila,” *(“Matagal pa ang pila,”)* sambit pa niya.

Naupo muna ang magkapatid sa sementadong bangko kasunod ni Auntie Ilyo, nang biglang may naalala si Manang.

“Nako, Tala!” Biglang sambit ng kanyang Manang, “Nalimutan ko pala ang mga carrots! Mukhang matagal pa naman ang jeep, tatakbo lang ako saglit pabalik ng palengke. Hintayin mo ako rito sa pila ha? Huwag kang aalis, at huwag kang sasama kahit kanino.”

“Opo Manang.”

“‘Wag kang matatakot ha”

“Opo Manang”

Ibinilin din ni Manang ang kapatid kay Auntie Ilyo, at dali-dali na siyang bumalik ng palengke upang bumili ng mga carrots.

Tahimik na nagmatyag si Tala sa paligid habang dahan-dahan siyang nagduduyan ng kaniyang maiikling binti na hindi abot ang sahig. Hindi siya nangangamba sa pag-alis ng kanyang Manang, alam niyang matapang siyang bata at siya rin ay babalikan.

Kaya't patuloy na lamang ang kanyang pag-iisip tungkol sa lungkot ng langit.

Dahil mag-isa lamang siya, nagsisimula na rin malungkot sa pila si Tala. Tinignan niya mabuti ang kanyang mga kasama sa pila, at napaisip… *"Hindi kaya sila naiinip? Hindi kaya sila nalulungkot?"*

Bukod kay Auntie Ilyo na naggagantsilyo ay mayroon din siyang kasamang batang lalaki na naka-luntian na damit at may bitbit na laruang dinosaur.

Mayroon ding isang dalagang nakapulang jacket, na sa tingin ni Tala ay kahawig ng lobo sa Little Red Riding Hood ang hitsura.

Mayroon din isang binatilyong naka-puting saya at bag na iba't ibang kulay, may isang bata na naka-backpack na asul, at mayroong isa pang dalagang may bitbit na mga pulang rosas at nakasuot ng kulay ginto na bestida.

Bukod pa sa kanila, mayroon ding mga buhay na manok at isang pusa sa pila.

Malikot at malawak ang imahinasyon ng bata, kaya sanay rin siyang bumuo ng maikling kuwento sa kanyang isip sa tuwing nag-iisa. Nang mainip na si Tala, tuluyan siyang nawala sa kanyang pag-iisip at siyang nakalikha ng isang panibagong mundo.

*Biglang sa isang iglap, nagliwanag ang paligid.*

Tumigil ang ulan, lumabas ang araw, at nawala ang hamog.

Isa-isang nagtiklupan ng payong ang mga kasama niya sa pila, at bumalik ang ngiti ng mga tao. Muling nagmasid si Tala sa mga kasama niya sa pila, at isa-isa rin na nagbago ang kanilang mga anyo.

Si Auntie Ilyo na naggagantsilyo ay nagmistulang isang diwata. Naging pula ang kanyang buhok, at ang kanyang hook na panggantsilyo ay tila naging isang maningning na pilak na tungkod.

Ang kasama niyang batang lalaki naman ay nagkatawang dinosaur at ang maamong mukha nito ay ngingisi-ngisi kay Tala.

Ang pulang jacket naman ng dalaga ay tila nagbabaga ang mga laylayan. Nagkaroon din siya ng mala-lobong tainga at bilugang mga mata.

Ang binatilyong naka-puting saya naman ay nagkulay bahaghari ang balat. Naging ulap ang mga tainga at nagkaroon din siya ng bahagharing kapa na sa haba ay hindi makita ni Tala saan huminto.

Ang asul na backpack ng bata naman ay napalitan ng asul na pakpak ng paru-paro.

At ang dalagang naka-gintong bestida ay mas lalo pang nagniningning sa sinag ng araw. Naging higante ang kanyang mga pulang rosas at palutang-lutang ang mga ito sa paligid.

*Tila napunta si Tala sa isang panibagong mundo.*

Sa pagliwanag ng langit ay parang napawi na rin ang lungkot ng lahat. Masayang nagpalitan ng kuwento ang mga pasahero at may kaunti ring tawanan. Hinabol ng pusa ang ilang mga manok, at namigay ng mga rosas na pula ang dalaga sa mga kasama niya sa pila.

Ngunit sa gitna ng payapang paghihintay ng lahat ng sasakyang jeep pauwi ng Barangay Liwanag, ay muling nagbago ang ihip ng hangin. Unti-unting lumakas ang hangin at bahagyang dumilim muli ang langit.

Lumingon si Tala sa kanyang likod at may nakita siyang isang napakatangkad na uncle na hugis ulap ang ulo. Magkasalubong ang kanyang makakapal na kilay at dalawang dilaw na kidlat ang kanyang mga braso at kamay. Sa pakiwari ni Tala, isa siyang Kulog.

"Ading,"  sambit ng malalim na boses nito kay Tala, "Puntahan natin ang Manang mo. Sumama ka sa akin, mayroon akong kendi."

Napalingon ang lahat ng kapwa pasahero ni Tala. Ngunit dahil alam ni Tala na hindi siya dapat sumama sa mga estranghero basta-basta, umiling siya at sinabing, "Ayoko, sabi ng Manang ko ay dito ko siya hihintayin."

"Nako, sabi niya sa akin ay tawagin kita. Eto, marami pa akong kendi na magugustuhan mo." Sagot ni Kulog, at kanyang nilabas ang isang sako ng kendi at tsokolate para lamang kay Tala. Ngunit patuloy ang pag-hindi ng bata.

Nagsimula nang kumulog at kumidlat sa hindi kalayuan.

Nakadadama na ng kaunting takot ang bata, ngunit matapang pa rin siyang nakatitig kay Kulog nang biglang may sumigaw ng malakas na

"ROOOAAAAAAAAR!"

"ROOAR ROAR ROAR! ROAR!" Sigaw ng batang nag-anyong dinosaur. Kasabay nito ay tinulak ng tungkod ni Auntie Ilyo si Kulog palayo. Tinulak din ng mga higanteng rosas palayo si Kulog, at tuluyang nag-anyong lobo ang isang dalaga at sinugod ang masamang estranghero.

Hinawakan naman nang mahigpit ng batang paru-paro si Tala, at nagmistulang kalasag ni Tala ang bahagharing kapa ng binatilyo.

Kahit ang mga manok ay sumugod at sinimulang tukain nang tukain si Kulog at ambang mangangalmot naman ang pusa.

Isa-isang binabato ni Kulog ng kendi ang mga pasahero. Sa kabila nito ay unti-unting pa rin siyang napaaatras palayo kay Tala. Hindi niya akalain na siya ay pagtutulungang paalisin ng mga kapwa pasahero lamang ni Tala.

“Estranghero ka, hindi kita kilala, at hindi nangunguha ng bata ang mga mababait,” sabi ni Tala. Tinuruan siya ng kanyang Manang patungkol sa hindi pagsama sa mga estranghero, kahit na may mga pangakong kendi o tsokolate pa.

Madilim pa rin ang paligid at patuloy ang pagkulog at pagkidlat, hindi pa rin sumusuko si Kulog sa ambang pagkuha kay Tala. Ngunit natigil ang lahat nang biglang may lumipad na higanteng carrot na tumama kay Kulog.

“Walang kukuha sa kapatid ko!” Huminto ang lahat sa biglang pagkaripas ng takbo ni Kulog at paglaho niya na parang bula.

Bumalik na ang liwanag sa paligid sa paglaho ni Kulog.

“Manang! Manang!” Nagagalak na sigaw ni Tala, at biglang yakap niya sa kanyang Manang pagdating nito.

Hinihingal na ibinaba ni Manang ang bitbit niyang napakaraming carrots. Dali-dali niyang niyakap at tinignan ang lagay ng kapatid, at bumaling sa mga kapwa pasahero.

“Maraming salamat po sa pagligtas kay Tala,” sambit niya.

“Akala ni Kulog ay sasama sa kanya ang bata. Matalino si Tala, alam niyang hindi dapat sumama sa mga estranghero,” ani Auntie Ilyo

“Salamat po sa pagbantay sa akin,” sambit ni Tala sa mga kapwa pasahero.

-

Hindi rin nagtagal ay dumating na ang jeep na mag-uuwi sa kanila. Sumakay na ang mga nakapila at unti-unti nang bumalik ang sigla ng kuwentuhan at tawanan matapos ang matagumpay nilang pagpuksa kay Kulog upang iligtas si Tala.

Si Auntie Ilyo ay patuloy sa paggantsilyo, habang ang apo niyang dinosaur ay tahimik na nakatingin sa labas ng jeep.

Ang ibang mga pasahero naman ay patuloy na naghahagikgikan, pumapalibot sa kanila ang halu-halong mga asul na paru-paro at pulang rosas.

Sa pag-andar ng jeep ay umakbay nang mahigpit si Manang kay Tala, taimtim siyang nagpapasalamat sa hindi pagsama ng kapatid basta-basta sa mga estranghero. Sumilip sa bintana si Tala at tumingala sa langit, at napansin niyang patuloy ang pagliwanag ng paligid.

"Manang, masaya na siguro ang langit! Maliwanag na ulit," sambit ni Tala.

"Oo, Tala, siguradong masaya ang langit. Pauwi na tayo."